



PAGGUNITA SA MAHAL NA BIRHEN NG FATIMA

BAYANG SUMISINTA KAY MARIA
National Consecration to the Immaculate Heart of Mary
"We pray as one. We heal as one. We renew the world as one."



Catholic Bishops' Conference of the Philippines
May 13, 2020

Kapag natipon na ang sambayanan, ang Obispo at mga tagapaglingkod ay lalakad patungo sa dambana samantalang ang awiting pambungad ay inaawit.

Pagsapit sa dambana, ang Obispo at mga tagapaglingkod ay magbibigay-galang alinsunod sa hinihinging paraan. Magbibigay-galang ang Obispo sa dambana sa pamamagitan ng paghalik sa ibabaw ng dambana. Kung minamabuti niya, maiinsensuhan niya ito. Pagkatapos ang Obispo ay tatayo sa may upuan upang simulan ang pagdiriwang.

PAGBATI

Obispo:

Sa ngalan ng Ama ✠, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.

Bayan:

Amen.

Obispo:

Sumainyo ang kapayapaan.

Bayan:

At sumaiyo rin.

PAGSISISI SA KASALANAN

Obispo:

Mga kapatid, ginugunita natin ngayon ang unang pagpapakita ng Mahal na Birheng Maria sa Fatima. Maraming taon na rin ang lumipas nang magpakita siya sa tatlong batang pastol na sina Lucia, San Francisco at Santa Jacinta.

Ngunit ang mga panawagan ng Mahal na Birheng Maria para sa pagbabalik-loob, pasisisi ng mga kasalanan at pagtatalaga ng sarili sa kanyang kalinis-linisang puso ay kinakailangan pa rin sa panahon natin ngayon.

Kaya't upang maging marapat tayo sa banal na pagdiriwang, aminin natin at pagsisihan ang ating mga kasalanan.

Magkakaroon ng saglit na katahimikan. Pagkatapos nito, lahat ay sabay-sabay na aamin sa nagawang kasalanan.

**Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos,
at sa inyo, mga kapatid,
na lubha akong nagkasala**

Ang lahat ay dadagok sa dibdib.
**sa isip, sa salita, sa gawa
at sa aking pagkukulang.**

**Kaya isinasamo ko
sa Mahal na Birheng Maria,
sa lahat ng mga anghel at mga banal
at sa inyo, mga kapatid,
na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

Obispo:

**Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos,
patawarin tayo sa ating mga kasalanan,
at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**

Bayan:

Amen.

KYRIE (*Aawitin*)

**Panginoon, kaawaan mo kami. Panginoon, kaawaan mo kami.
Kristo, kaawaan mo kami. Kristo, kaawaan mo kami.
Panginoon, kaawaan mo kami. Panginoon, kaawaan mo kami.**

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

**Obispo:
Manalangin tayo.**

Sandaling katahimikan.

***A*ma naming makapangyarihan,
niloob mong lumigaya ang buong mundo
sa pagkabuhay ng iyong Anak na Panginoon naming Hesukristo.
Alang-alang kay Mariang Birheng Ina ng Diyos,
ipagkaloob mong makamtan namin
ang galak ng buhay na di matatapos.
Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**

R: Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

UNANG PAGBASA

Mga Gawa 15:1-6

Napagkaisahang papuntahin sila sa Jerusalem upang makipagkita sa mga apostol at sa matatanda tungkol sa suliraning ito.

Pagbasa mula sa Mga Gawa ng Mga Apostol

Noong mga araw na iyon, may ilang taong dumating sa Antioquia, mula sa Judea, at itinuro sa mga kapatid ang ganito: “Kapag hindi kayo nagpatuli ayon sa Kautusan ni Moises, hindi kayo maliligtas.” Tinutulan ito nina Pablo at Bernabe at naging mainitan ang kanilang pagtatalo tungkol dito. Kaya’t napagkaisahang papuntahin sa Jerusalem sina Pablo at Bernabe at ang ilan pang kapatid sa Antioquia, upang makipagkita sa mga apostol at sa matatanda tungkol sa suliraning ito. Sinugo nga sila ng simbahan, at pagdaan nila sa Fenicia at Samaria, ibinalita nila ang pagkahikayat sa mga Hentil. Ito’y labis na ikinagalak ng mga kapatid. Pagdating sa Jerusalem, malugod silang tinanggap ng mga apostol, ng matatanda, at ng buong simbahan, at isinalaysay nila ang lahat ng isinagawa ng Diyos, sa pamamagitan nila. Ngunit tumindig ang ilang mananampalatayang kabilang sa pangkat ng mga Pariseo, at ang sabi nila, “Kailangang tuliin ang mga Hentil na sumasampalataya, at utusang tumupad sa Kautusan ni Moises.”

Nagpulong ang mga apostol at ang matatanda upang pag-aralan ang suliraning ito.

Ang Salita ng Diyos.

- Salamat sa Diyos.

SALMONG TUGUNAN

Salmo 122, 1-2. 3-4a. 4b-5

(Tugon: 1)

Tugon: Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D'yos.

Ako ay nagalak, sa sabing ganito:
"Sa bahay ng Poon ay pumasok tayo!"
Sama-sama kami matapos sapitin,
ang pintuang-lungsod nitong Jerusalem.

Tugon: Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D'yos.

Yaong Jerusalem, kay ganda ng anyo,
maganda ang ayos nang muling matayo.
Dito umaahon ang lahat ng angkan,
lipi ni Israel upang magsambahan.

Tugon: Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D'yos.

Ang hangad, ang Poon ay pasalamatan,
pagkat ito'y utos na dapat gampanan.
Doon din naroon ang mga hukuman
at trono ng haring hahatol sa tanan.

Tugon: Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D'yos.

ALELUYA

Juan 15, 4a. 5b

Aleluya! Aleluya!

Sa Poon ay manatili
siya'y sa atin lalagi
mamungang maluwalhati.

Aleluya! Aleluya!

MABUTING BALITA

Juan 15, 1-8

Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana.

✠ Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus kanyang mga alagad: “Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Pinuputol niya ang bawat sangang hindi namumunga; at kanya namang pinuputulan at nililinis ang bawat sangang namumunga upang lalong dumami ang bunga. Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo. Manatili kayo sa akin at mananatili ako sa inyo. Hindi makapamumunga ang sangang hindi nananatiling nakakabit sa puno. Gayun din naman, hindi kayo makapamumunga kung hindi kayo mananatili sa akin. “Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin, at ako sa kanya, ang siyang namumunga nang sagana; sapagkat wala kayong magagawa kung kayo’y hiwalay sa akin. Ang hindi nananatili sa akin ay itatapon at matutuyo, gaya ng sanga. Ang gayong mga sanga ay titipunin at susunugin. Kung nananatili kayo sa akin at nananatili sa inyo ang salita ko, hingin ninyo ang inyong maibigan, at ipagkakaloob sa inyo. Napararangalan ang Ama kung kayo’y namumunga nang sagana at sa gayo’y napatutunayang mga alagad ko kayo.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

- Pinupuri Ka namin, Panginoong Hesukristo.

HOMILIYA

Sandaling katahimikan pagkaraan ng Homiliya.

PANALANGIN NG BAYAN

Obispo:

Sa ating pag-alaala sa pagpapakita ng Mahal na Birheng Maria sa Fatima, ilahad natin sa Diyos na ating Ama ang ating mga panalangin, Siyang nagpagindapat na ang Ina ng kanyang Anak ay maging ating Ina.

PANGINOON NG KAPAYAPAAAN, DINGGIN MO KAMI.

Bayan:

PANGINOON NG KAPAYAPAAAN, DINGGIN MO KAMI.

Lektor/Diyakono:

1. Para sa lahat ng mga mananampalataya, upang sa kanilang pagtupad sa mga kahilingan ni Maria, sa pamamagitan ng tunay na pagpapakasakit at pananalangin, makapagpagal sila nang buong puso para sa pagpapanibago ng daigdig at sa paghahari ni Kristo, *manalangin tayo sa Panginoon.*
2. Para sa lahat ng naglilingkod sa Simbahan, upang tunay silang makinig sa Salita ng Diyos, nang mahal in ito at ipahayag nang may katapatan at kasigasigan tulad ni Maria, *manalangin tayo sa Panginoon.*
3. Para sa lahat ng mga naatasang mamuno sa pamahalaan, upang sila ay maglingkod para sa katarungan at kapayapaan sa mundo, at makipagtulungan nawa sila sa wastong pamamahagi ng mga likas na yaman para sa lahat, *manalangin tayo sa Panginoon.*
4. Para sa lahat ng mga nagdurusa, upang kasama ni Mariang mapangaliw sa mga nagdadalamhati, makakita sila ng pag-asa sa buhay sa pamamagitan ng tulong ng iba at nang pagninilay sa Krus ni Kristo, *manalangin tayo sa Panginoon.*

5. Para sa ating humaharap sa pagsubok na dulot ng COVID-19, upang mapuno ang ating mga puso ng pag-asa sa gitna ng dilim na dulot ng salot na ito, manalangin tayo sa Panginoon.
6. Para sa ating lahat, nang sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, nawa'y matagpuan si Kristo ng mga naghahanap sa Kanya, ang mga makasalanan ay magbalik-loob, at ang mga kabataan nawa'y buksan ang kanilang puso nang may kasigasigan sa Mabuting Balita, *manalangin tayo sa Panginoon.*

Obispo:

Diyos ng walang maliw na kabutihan, iyong dinggin ang pagluhog ng iyong bayan, sa pagdalangin at tulong ni Maria na Ina ng iyong Anak at ng Sambayanan, lumago nawa kami sa pananampalataya. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo, kasama ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan.

Bayan:

Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

Ngayon nama'y tatayo ang Obispo sa gawing gitna ng dambana, hahawakan niya ang pinggan ng tinapay nang bahagyang nakaangat sa dambana, habang dinarasal niya nang pabulong:

Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa lupa at bunga ng aming paggawa ang tinapay na ito
para maging pagkaing nagbibigay-buhay.

*Ilalapag niya ang pinggan ng tinapay sa telang patungan ng Katawan ni Kristo.
Kapag hindi ginaganap ang awit ng pag-aalay, ang mga pangungusap na ito ay madarasal nang malakas ng Obispo at sa katapusan makapagbubunyi ang mga tao:*

Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

Ang diyakono o ang Obispo ay magbubuhos ng alak at kaunting tubig sa kalis habang dinarasal nang pabulong:

Sa paghahalong ito ng alak at tubig
kami nawa'y makasalo sa pagka-Diyos ni Kristo
na nagpagindapat makihati sa aming pagkatao.

Pagbalik sa gawing gitna ng dambana, hahawakan ng Obispo ang kalis ng bahagyang nakaangat sa dambana habang dinarasal niya ng pabulong:

Kapuri-puri ka, Diyos Amang Lumikha sa sanlibutan.
Sa iyong kagandahang-loob, narito ang aming maiaalay.
Mula sa katas ng ubas at bunga ng aming paggawa ang alak na ito
para maging inuming nagbibigay ng iyong Espiritu.

*Ilalapag niya ang kalis sa telang patungan ng Katawan ni Kristo.
Kapag hindi ginaganap ang awit ng pag-aalay, ang mga pangungusap na ito ay madarasal nang malakas ng Obispo at sa katapusan makapagbubunyi ang mga tao:*

Kapuri-puri ang Poong Maykapal ngayon at kailanman!

Pagkatapos, yuyuko ang Obispo habang dinarasal niya nang pabulong:

Diyos Amang Lumikha, nakikiusap kaming mga makasalanan.
Tanggapin mo ang aming pagsisisi bilang handog
upang kami'y matutong sumunod sa iyo nang buong puso.

Kung minamabuting gawin, iinsensuhan ng Obispo ang mga alay at ang dambana; pagkaraa'y iinsensuhan ng diyakono o ng tagapaglingkod ang Obispo at ang mga nagsisimba. Pagkatapos, ang Obispo'y pupunta sa gilid ng dambana, maghuhugas siya ng mga kamay samantalang pabulong niyang dinarasa:

O Diyos kong minamahal,
kasalanan ko'y hugasan
at linisin mong lubusan
ang nagawa kong pagsuway.

Obispo:

**Manalangin kayo, mga kapatid,
upang ang paghahain natin ay kalugdan
ng Diyos Amang makapangyarihan.**

Bayan:

Tanggapin nawa ng Panginoon
itong paghahain sa iyong mga kamay
sa kapurihan niya at karangalan
sa ating kapakinabangan
at sa buong Sambayanan niyang banal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

Obispo:



Ama naming Lumikha,
sa aming paghahain ngayong ang Mahal na Birhe'y ginugunita
kami'y humihiling na kami ay matulungan nawa
ng iyong nagkatawang-taong Anak
na naghain ng sarili sa krus na dambana
at ngayo'y nabubuhay kasama mo at ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.

Bayan: Amen.

IKALAWANG PREPASYO TUNGKOL SA MAHAL NA BIRHENG MARIA

- Obispo:** Sumainyo ang Panginoon
Bayan: At sumaiyo rin.
Obispo: Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
Bayan: Itinaas na namin sa Panginoon.
Obispo: Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
Bayan: Marapat na siya ay pasalamatan.

Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan.

Bukod mong pinagpalang maging Ina ni Hesukristo
ang Mahal na Birheng nagpupuri at nagagalak sa iyo.
Ikaw ang gumawa ng tanang dakilang bagay.
Ikaw ang lumilingap sa lahat kailanman.
Nilingap mo ang Mahal na Birhen
bilang iyong abang alipin
na iyong binigyan ng tungkuling
kumalinga sa Anak mong Manunubos namin.

Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

SANCTUS

IKALAWANG PANALANGIN NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

Nakalahad ang kamay ng Obispo sa pagdarasal

Ama naming banal, ikaw ang bukal ng tanang kabanalan

Pagdaraupin ng Obispo ang kanyang mga kamay at lulukuban ng mga kamay niya ang mga alay habang siya'y nagdarasal.

Kaya't sa pamamagitan ng iyong Espiritu gawin mong banal ang mga kaloob na ito

Pagdaraupin ng Obispo ang kanyang mga kamay at kukrusan niya ang tinapay at kalis, samantalang dinarasal:

**upang para sa ami'y maging Katawan at Dugo ✠
ng aming Panginoong Hesukristo.**

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay. Ang mga salita ng Panginoon sa mga sumusunod na pangungusap ay ipahahayag nang malinaw at nauunawaan sa tanan ayon sa hinihingi ng mga ito.

**Bago niya pinagtiisang kusang loob
na maging handog,**

Hahawakan ng Obispo ang tinapay nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang patuloy na inihahayag:

**Hinawakan Niya ang tinapay,
pinasalamatan Ka Niya,
pinaghati-hati Niya iyon,
iniabot sa kanyang mga alagad
at sinabi:**

Bahagyang yuyuko ang Obispo

**TANGGAPIN NINYONG
LAHAT ITO AT KANIN:
ITO ANG AKING KATAWAN
NA IHAHANDOG PARA SA INYO.**

Ipamamalas niya ang ostiyang itinalagang maging Katawan ni Kristo, ipapatong niya ito sa pinggan, at luluhod siya bilang pagsamba.

Ang Obispo ay magpapatuloy.

Gayun din naman, noong matapos ang hapunan,

Hahawakan ng Obispo ang kalis nang bahagyang nakataas sa ibabaw ng dambana habang patuloy na inihahayag:

**hinawakan Niya ang kalis,
mulí Ka Niyang pinasalamatan,
iniabot Niya ang kalis sa Kanyang mga alagad at sinabi:**

Bahagyang yuyuko ang Obispo.

**TANGGAPIN NINYONG LAHAT ITO AT INUMIN:
ITO ANG KALIS NG AKING DUGO
NG BAGO AT WALANG HANGGANG TIPAN,
ANG AKING DUGO NA IBUBUHOS
PARA SA INYO AT PARA SA LAHAT
SA IKAPAGPAPATAWAD NG MGA KASALANAN.
GAWIN NINYO ITO SA PAG-ALALA SA AKIN.**

Ipamamalas niya ang kalis, ipapatong niya ito sa telang patungan ng Katawan ni Kristo, at luluhod siya bilang pagsamba.

Pagkatapos, ipahahayag ng Obispo:

Ipagbunyi natin ang misteryo ng pananampalataya.

Ang mga tao ay magbubunyi:

Lahat: Si Kristo’y namatay!
 Si Kristo’y nabuhay!
 Si Kristo’y babalik sa wakas ng panahon!

Ilalahad ng Obispo ang kanyang kamay samantalang siya ay nagdarasal:

**Ama,
ginagawa namin ngayon ang pag-alala
sa pagkamatay at muling pagkabuhay ng iyong Anak
kaya't iniaalay namin sa iyo
ang tinapay na nagbibigay-buhay
at ang kalis na nagkakaloob ng kaligtasan.
Kami'y nagpapasalamat dahil kami'y iyong minarapat
na tumayo sa harap mo
para maglingkod sa iyo.**

**Isinasamo naming kaming magsasalu-salo
sa Katawan at Dugo ni Kristo ay mabuklod sa pagkakaisa
sa pamamagitan ng Espiritu Santo.**

Nakikipagdiwang 1:

**Ama, lingapin mo ang iyong Simbahang
laganap sa buong daigdig.
Puspusin mo kami sa pag-ibig
kaisa ni FRANCISCO, na aming Papa
at ni N., na aming Obispo
at ng tanang kaparian.**

Nakikipagdiwang 2:

**Alalahanin mo rin ang mga kapatid naming nahimlay
nang may pag-asang sila'y muling mabubuhay
gayun din ang lahat ng mga pumanaw.
Kaawaan mo sila at patuluyin sa iyong kaliwanagan.
Kaawaan mo at pagintapatin kaming lahat na makasalo
sa iyong buhay na walang wakas.**

**Kaisa ng Mahal na Birheng Maria na Ina ng Diyos,
at ng kanyang kabiyak ng pusong si San Jose,
kaisa ng mga apostol,
at ng lahat ng mga banal
na namuhay dito sa daigdig nang kalugud-lugod sa iyo,
maipagdiwang nawa namin ang pagpupuri
sa ikararantal mo**

Pagdarapin ng Obispo ang kanyang mga kamay

**sa pamamagitan ng iyong Anak
na aming Panginoong Hesukristo.**

Hahawakan ng Obispo ang pinggang may ostiya at ang kalis na kapwa niya itataas habang kanyang ipinahahayag:

**Sa pamamagitan ni Kristo, kasama niya, at sa kanya
ang lahat ng parantal at papuri ay sa iyo,
Diyos Amang makapangyarihan,
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.**

Ang mga tao ay magbubunyi:

Amen.

ANG PAKIKINABANG

Obispo:

Sa tagubilin ng mga nakagagaling na utos
at turo ni Hesus na Panginoon natin at Diyos,
ipahayag natin nang lakas loob:

Ilalahad ng Obispo ang kanyang mga kamay at ipahahayag niya kaisa ng mga tao:

Ama namin, sumasalangit ka.
Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa langit.
Bigyan mo kami ngayon
ng aming kakanin sa araw-araw.
At patawarin mo kami sa aming mga sala
para nang pagpapatawad namin
sa nagkakasala sa amin.
At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso.
At iadya mo kami sa lahat ng masama.

Nakalahad ang mga kamay ng Obispo sa pagdarasal:

Hinihiling naming
kami'y iadya sa lahat ng masama,
pagkalooban ng kapayapaan araw-araw,
iligtas sa kasalanan
at ilayo sa lahat ng kapahamakan
samantalang aming pinananabikan
ang dakilang araw ng pagpapahayag
ng Tagapagligtas naming si Hesukristo.

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay. Wawakasan ng mga tao ang panalangin sa ganitong paraan:

Sapagka't iyo ang kaharian
at ang kapangyarihan at ang kapurihan
magpakailanman! Amen.

Pagkatapos, malakas na dasalin ng Obispong nakalahad ang mga kamay:

**Panginoong Hesukristo,
sinabi mo sa iyong mga Apostol:
“Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo.
Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo.”
Tunghayan mo ang aming pananampalataya
at huwag ang aming pagkakasala.
Pagkalooban mo kami ng kapayapaan
at pagkakaisa ayon sa iyong kalooban**

Pagdaraupin niya ang kanyang mga kamay.

kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Sasagot ang mga tao:

Amen.

Ang Obispo’y paharap sa sambayanang maglalahad at magdaraop ng mga kamay sa pagpapahayag.

Ang kapayapaan ng Panginoon ay laging sumainyo.

Sasagot ang mga tao:

At sumaiyo rin.

Maidaragdag, kung minamabuti, ang paanyayang ipahahayag ng diyakono o Obispo:

Magbigayan kayo ng kapayapaan sa isa’t isa.

At, alinsunod sa kaugalian ng iba’t ibang pook, ang mga nagsisimba ay magbibigayan ng kapayapaan. Ang Obispo at mga tagapaglingkod ay makapagbibigayan ng kapayapaan.

Pagkatapos, hahawakan ng Obispo ang ostiya at hahati-hatiin niya ito sa ibabaw ng pinggan at isasawak niya ang kaputol sa kalis habang pabulong niyang dinarasal:

Sa pagsasawak na ito
ng Katawan sa Dugo ng aming Panginoong Hesukristo
tanggapin nawa namin sa pakikinabang
ang buhay na walang hanggan.

Samantalang ginaganap ang paghahati-hati sa ostiya, aawitin o darasalin ang pagluhog na ito:

**Kordero ng Diyos,
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.**

**Kordero ng Diyos,
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.**

**Kordero ng Diyos,
na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

Ito ay mauulit-ulit habang ginaganap ang paghahati-hati sa tinapay. Sa huling pag-uulit saka pa lamang idurugtong ang "ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan."

Magkadaop ang mga kamay ng Obispo sa pabulong na pagdarasal:

Ang pakikinabang sa Katawan at Dugo mo,
Panginoong Hesukristo,
ay huwag nawang magdulot ng paghuhukom
at parusa sa kasalanan ko.
Alang-alang sa iyong dakilang pag-ibig
nawa'y aking matanggap
ang pagkukup mo sa akin at kaloob mong lunas.

Luluhod ang Obispo at pagtayo niya'y kanyang hahawakan ang ostiya na itataas sa ibabaw ng pinggan. Paharap sa mga tao siyang magsasabi nang malakas:

**Ito ang Kordero ng Diyos.
Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.
Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.**

Idurugtong niyang minsanan kaisa ng sambayanan:

Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo nguni't sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Siya'y makikinabang nang magalang at nakayuko sa dambana habang pabulong na nagdarasal:

Ipagsanggalang nawa ako ng Katawan ni Kristo
para sa buhay na walang hanggan.

Mapitagan niyang tatanggapin ang Katawan ni Kristo.

Pagkatapos, hahawakan ng Obispo ang kalis at pabulong na magdarasal:

Ipagsanggalang nawa ako ng Dugo ni Kristo
para sa buhay na walang hanggan.

Mapitagan niyang tatanggapin ang Dugo ni Kristo.

Hahawakan niya ang pinggan o lalagyan ng ostiya at lalapitan niya ang mga nakikinabang, bahagyang itataas ang ostiya para sa bawa't nakikinabang habang sinasabi:

Katawan ni Kristo.

Ang nakikinabang ay tutugon:

Amen.

Ganito rin ang gagawin ng diyakono na nagdudulot ng pakinabang. Samantalang nakikinabang ang Obispo, sisimulan ang awit sa pakikinabang.

Pagkapakinabang, ang mga mumo ng ostiya na nasa pinggan ay titipunin sa kalis na huhugasan ng Obispo o diyakono o tagapaglingkod. Habang ito ay ginaganap ng Obispo, pabulong siyang magdarasal:

**Ama naming mapagmahal,
ang aming tinanggap ngayon ay amin nawang mapakinabangan
at ang iyong ipinagkaloob ay magdulot nawa sa amin
ng kagalingang pangmagpakailanman.**

Makababalik ngayon sa upuan ang Obispo. Makapag-uukol ng ilang saglit na katahimikan o makaaawit ng papuri o salmo.

PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

Obispo:

Manalangin tayo.

Sandaling katahimikan.

Ama naming mapagmahal,
pagtibayin mo sa aming kalooban
ang aming pinagsaluhang pananda ng pananampalatayang tunay.
Ang pinanindigan naming Diyos na totoo at taong totoo
na ipinagdalang-tao ni Maria sa kanyang sinapupunan
ay siya nawang magpagindapat na kami'y sumapit
sa kaligayahan ng walang maliw na buhay
sa bisa ng kanyang nagliligtas na pakikinabang
sa pamamagitan niya
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

Bayan:

Amen.

PAGBABASBAS

Obispo:

Sumainyo ang Panginoon.

Bayan: At sumaiyo rin.

Obispo:

Purihin ang Pangalan ng Panginoon.

Bayan:

Ngayon at magpasawalang hanggan.

Obispo:

Sa ngalan ng Panginoon, tayo'y tinutulungan.

Bayan:

Siya ang may gawa ng langit at sanlibutan.

Obispo:

**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos,
✠ Ama ✠ at Anak ✠ at Espiritu Santo.**

Bayan:

Amen.

Obispo / Diyakono:

Humayo kayo sa kapayapaan.

Bayan:

Salamat sa Diyos.

Aawitin ang Regina Cæli. Habang ito ay inaawit, ang imahen ng Mahal ng Birhen ng Fatima ay iinsensuhan.

Regína cæli, lætáre. Allelúia.

Quia quem meruísti portáre. Allelúia.

Resurréxit, sicut dixit. Allelúia.

Ora pro nobis, Deum. Allelúia.

V. Gaude et lætáre, Virgo Maria. Allelúia.

R. Quia surréxit Dóminus vere. Allelúia.

Orémus.

Deus, qui per resurrectionem Fílii tui,

Dómini nostri Iesu Christi,

mundum lætificáre dignátus es:

præsta, quæsumus;

ut per eius Genetrícem Vírginem Maríam,

perpétuæ capiámus gáudia vitæ.

Per eúndem Christum Dóminum nostrum.

R. Amen.

✠ Divínium auxiliúm máneat semper nobíscum.

R. Amen.



Diocese of Malolos
Diocesan Liturgical Commission

Parish of the National Shrine of Our Lady of Fatima
Valenzuela City, Metro Manila, Philippines

World Apostolate of Fatima of the Philippines